# Mga Kontribyutor

Nagtapos si **Maria Fe G. Hicana** sa Pamantasang Normal ng Pilipinas bilang cum laude sa kursong Bachelor of Secondary Education, medyor sa Filipino at may espesyalisasyon sa Physical Education. Sa nabanggit ding pamantasan nakamit ang digring Doctor of Philosophy (Ph.D.) at Master of Arts in Education (MA.Ed.) na may espesyalisasyon sa Pagtuturo ng Filipino. Itinanghal bilang isa sa mga ULIRANG GURO sa Filipino 2018 ng Komisyon sa Wikang Filipino. Manunulat ng aklat sa Filipino, Sibika at Kultura, at Edukasyong Pagpapakatao para sa elementarya. Aklat sa Filipino para sa kolehiyo at hayskul. Proof reader, balideytor at rebyuwer. Naiimbitahan ding guest examiner/panelist sa paaralang gradwado, tagapagsalita, tagapayo, at kung minsan ay consultant. Kasalukuyang nagtuturo sa Technological University of the Philippines-Taguig Campus bilang Full time Associate Professor V at Part-time Associate Professor V at panelist sa Philippine Normal University-Manila. Nabigyan ng pagkakataong makapagturo sa De La Salle University-Manila at Asia Pacific College bilang Part-time faculty. Naging guro rin sa elementarya at hayskul sa Woodridge School.

Kasalukuyang direktor ng Cavite Studies Center at propesor ng Kasaysayan sa De La Salle University-Dasmariñas (DLSU-D), isa sa mga Board of Directors ng Cavite Historical Society, Inc., at kasalukuyang Pangalawang Pangulo ng Kapisanan ng mga Bahay-Saliksikan sa Bansa (KABANSA), Inc. si **Palmo R. Iya**. Nagtapos siya ng BSE Social Science at Graduate Diploma in Teaching History sa Philippine Normal University-Manila at ng PhD History sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Nakapagsulat ng mga artikulo sa mga reperidong dyornal gaya ng *Journal of Humanities Vol. 3, 2009* (DLSU-Dasmariñas); *Philippine Association for the Sociology of Religion* (PASR) *Journal Vol. 2, No. 1, 2016*; *TALAS: Interdisiplinaryong Journal sa Edukasyong Pangkultura, Tomo 2, 2017* (Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining at Philippine Cultural Education Program); at *MALAY Journal Tomo XXXI Blg. 2, Hunyo 2019* (DLSU Manila). Kasamang patnugot ng *Photographing Revolutionary Cavite: The Colonial Representation, 1896 – 1899* (2016) at kasamang kontribyutor/patnugot ng *Pamanang Lokal: Essays on Local Heritage Preservation* (2017). Kontribyutor at patnugot ng *Emilio Famy Aguinaldo: Iba't Ibang Anggulo sa Pagkilala sa Unang Pangulo ng Republika* (2018) ("Emilio Famy Aguinaldo: The Many Facets of the President of the First Philippine Republic," 2018).

Si **Roberto E. Javier Jr.** ay *Full Professor* at *Chair* ng Departamento ng Sikolohiya ng De La Salle University-Manila. Siya ay Rehistradong Sikolohista at may PhD sa Sikolohiyang Pangklinika. Nailathala ng De La Salle Publishing House ang mga aklat niya na Pakikipagkapwa: Pilipinong Lapit sa Pananaliksik (2012), *From Exceptionality to Exceptional: Inclusion of Differently Abled Persons in the Workplace* (2014) at *Seasons in Parenting: Studies on Parents' Life Stories and Parenting Achievements* (2015) nabigyan ng nominasyon para *National Book Awards* 2015. Naging tangan din niya ang mga *academic chairs* na – John Gokongwei Sr. *Professorial Chair* para sa Araling Asyano (2005-2006), Charles Lui Chi Keung *Professorial Chair* para sa Araling Tsino (2006-2007), Fausto Gonzales Y Sioco *Professorial Chair* para sa

Copyright © 2019 by De La Salle University

Pamahalaang Panglokal (2009-2010), Exaltacion C. Ramos *Professorial Chair* para sa Mga Panukat at Pagsukat (2014-2015), PAGCOR *Professorial Chair* para sa Pantaong Pag-unlad (2015-2016) at Manuel G. Zamora *Professorial Chair* para sa Agham Panlipunan (2016-2017).

Nagtapos sa Pamantasang De La Salle ng digring Doktor ng Pilosopiya sa Araling Filipino na may espesyalisasyon sa Wika, Kultura, at Midya (tumanggap ng *Outstanding Dissertation Award*) si **Alona Jumaquio-Ardales**. Natamo mula sa Pamantasang Normal ng Pilipinas ang Master ng Sining sa Edukasyon na may espesyalisasyon sa Pagtuturo ng Filipino at Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon medyor sa Filipino (*cum laude*). Nagturo ng asignaturang Filipino sa programang gradwado, hindi gradwado, at pangkalahatang edukasyon ng Pamantasang De La Salle. Nagturo rin ng Filipino sa mga banyagang mag-aaral sa ilalim ng Advanced Filipino Abroad Program (AFAP) ng University of Hawaii, gayundin, sa Southeast Asian Studies Summer Institute (SEASSI) ng University of Wisconsin, Madison, USA. Nakasalamuha ang sektor ng mga maralita, mangingisda, manggagawa, bilanggo, katutubo, may kapansanan, at mga ulila, na may malalimang talab sa kaniyang oryentasyong panlipunan. Nakapaglathala ng mga artikulo sa refereed at Scopus indexed journals at patuloy na aktibo sa kaniyang pananaliksik kaugnay ng *Cultural Sustainability* at *Disaster Studies*.

Si **Leslie Anne L. Liwanag** ay nagtapos ng digring doktorado sa Araling Filipino (Wika, Kultura, at Midya), digring masterado sa Araling Filipino, at digring batsilyer sa Araling Filipino, (magna cum laude)sa Pamantasang De La Salle-Maynila. May disertasyon sa mga kontribusyon ni Isabelo de los Reyes sa Araling Filipino. Nakatanggap siya ng Research Apprenticeship Grant mula sa Office of the Vice Chancellor for Research and Innovation ng Pamantasang De La Salle-Maynila na naging dahilan upang mapagtagumpayan ang doktorado bilang isang full time na mag-aaral. Kadalasang tumatalakay ang mga sanaysay niya sa mga kultural na pag-aaral, Araling Filipino, at Pilosopiyang Pilipino, na ipinipresenta sa iba't ibang internasyonal at pambansang kumperensiya, at pagpapalathala nito sa mga lokal at internasyonal na journal. Sa kasalukuyan, assistant professor siya sa Department of Liberal Arts and Behavioral Sciences ng Visayas State University, Baybay City. Kasalukuyan niyang proyekto ang "Cataloging and Baselining the Filipino-Spanish Churches of the Diocese of Maasin on the Island of Leyte," na pinondohan ng National Commission for Culture and the Arts kasama sina Dr. Feorillo Demeterio III at Dr. Guiraldo Fernendez, Jr. bilang mga katuwang na mananaliksik.

Si **Ian Mark P. Nibalvos** ay isang guro sa Filipino sa San Beda University-Manila, Senior High School. Siya ay nagtapos ng kursong Master ng Sining sa Filipino sa Paaralang Gradwado ng Malalayang Sining at Komunikasyon, Pamantasang De La Salle-Dasmariñas. Ilan sa kaniyang mga pananaliksik ay naibahagi na rin niya sa mga pandaigdigang kumperensiya: ang *"An mga siday han mga Samarnon ug Leytenhon: Katuturan, Kasaysayan, Pag-unlad, Mga Isyu, at Kalagayan Nito sa Kasalukuyan,"* sa Salindunong International Conference noong Abril 2-4, 2018 sa Lungsod Cagayan de Oro, Misamis Oriental at ang *"Pagpapahalagang Pilipino sa mga Piling Siday ng San Julian Silangang Samar"* sa Ikalawang Internasyonal na Kumperensya sa mga Araling Filipino at Asyano noong Mayo 3-5, 2018 sa Lungsod Baybay, Leyte.

Kilalang kritiko at intelektuwal publiko sa mundo, si **E. San Juan, Jr.** ay Emeritus professor of English, Comparative Literature, & Ethnic Studies sa University of Connecticut, Washington State University, at iba pa. Kasalukuyang Chairholder sa Polytechnic University of the Philippines, naging fellow ng W.E.B. Du Bois Institute, Harvard University; Fulbright Prof of American Studies, Leuven University, Belgium, at Visiting Professor of English, University of the Philippines. Ilan sa mga bagong libro niya ang *Filipinas Everywhere* (De La Salle University Publishing House), *Between Empire and Insurgency* (U.P. Press), at *Carlos Bulosan: Revolutionary Filipino Writer in the United States* (Peter Lang); at nakahandang ilunsad sa 2019 ang *Kontra-Modernidad* (U.P. Press) at *Bakas Alingawngaw: Mga Bagong Tula* (Ateneo U Press).

Hinirang na Visiting professor of English & Cultural Studies sa University of Santos Tomas si San Juan noong taong 2019.

Si **Vladimir B. Villejo** ay isang guro, mag-aaral, mananaliksik, at may pangarap na maging manunulat. Nagtapos siya ng kursong Batsilyer ng Artes sa Filipinolohiya sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP). Kumuha siya ng yunit sa Edukasyon sa Pamantasan ng Lungsod ng Maynila (PLM) at pagkaraa'y nagkamit ng Lisensya sa Pagtuturo. Nakapagturo na siya sa Teknolohikal na Universidad ng Pilipinas (TUP), Pamantasang Liseo ng Pilipinas (LPU), at Kolehiyo ng Assumption. Nakapagpresenta na rin siya ng mga papel-pananaliksik sa iba't ibang kumperensya tulad ng PNPRS National Conference at Ikalimang Komperensya sa Araling Filipino at Asyano. Kasalukuyan niyang tinatapos ng Digring Masterado ng Sining sa Araling Filipino sa Pamantasang De La Salle-Maynila. Siya ay naglilingkod bilang guro sa Senior High School sa Mataas na Paaralang Memoryal kay Mariano Marcos sa Lungsod ng Maynila.

# Panawagan para sa Kontribusyon sa Malay

## Isyu para sa buwan ng Hunyo 2020, Tomo XXXII, Blg. 2

**Tunguhin**

Ang *Malay*, isang multi/interdisiplinaryong journal sa Araling Filipino ng Pamantasang De La Salle (DLSU) na internationally refereed at abstracted, ay naglalayong maglathala ng mga lathalain tungkol sa mga usapin at dalumat kaugnay ng wika, kultura, at mass media na nagsusulong ng intelektuwalisasyon ng wikang Filipino. Tumatanggap din ng mga sulatin sa Ingles at iba pang mga wika na isasalin sa wikang Filipino. Tanging ang salin sa Filipino ang ilalathala.

**Detalye ng Paglilimbag**

Nililimbag ang *Malay* makalawa isang taon sa ilalim ng pamamahala ng De La Salle University Publishing House ng Pamantasang De La Salle-Manila. Bilang multi/interdisiplinaryong journal, nagtatampok ito ng mga papel, riserts, at artikulong naglalahad ng mga kaisipan at kaalaman mula sa Araling Filipino na may tuon sa wika, kultura, at mass media. Ang mga ideya, opinyon, at paninindigan ng mga may-akda ay kanilang pananagutan at hindi sumasalamin sa mga pagkukuro at patakaran ng mga patnugot, ng kaguruan, o ng pangasiwaan ng Pamantasang ito.

**Proseso ng Pagrerebyu**

Ang mga lathalain ay nirerebyu ng mga miyembro ng Internasyonal na Lupon ng mga Patnugot at ng iba pang mga kilalang iskolar sa kani-kanilang disiplina. Ang bawat artikulo ay nirerebyu ng dalawang iskolar. Sa pagkakataong may magkasalungat na pagpapasiya ang naturang dalawang rebyuwer, ito ay pagpapasyahan ng mga editor.  Ang buong prosesong ito ay isinasagawa nang hindi nalalaman ng may-akda kung sino ang rebyuwer ng kaniyang artikulo, at gayundin, hindi ipinakikilala sa rebyuwer kung sino ang may-akda ng kaniyang nirerebyung artikulo.

Mula rito, muling nirerebyu ng Punong Patnugot ang mga nakapasang lathalain mula sa mga naunang nagrebyu nito. Ang mga lathalaing nangangailangan ng medyor na rebisyon ay ibinabalik sa mga may-akda para sa mga kahingian ng mga rebyuwer. Ang mga may-akda ng mga papel na hindi matatanggap ay padadalhan ng liham na maglalaman ng mga puna at komento ng mga nagrebyu. May karapatan ang mga Patnugot na maging pag-aari ang kopya nglahat ng papel na ipinasa.

**Detalye ng Pagsusumite**

Ang mga papel (riserts, artikulo, rebyu) ay kailangang nakasulat sa Filipino. Sakaling nasa ibang wika, isasalin ito sa Filipino at tanging ang salin ang ilalathala. Kailangang hindi pa nailalathala o naisumite para sa konsiderasyon sa ibang publikasyon o journal ang mga papel na ipapasa para dito. Isang 200-250 salitang abstrak at limang susing salita, kapuwa nasa wikang Filipino at Ingles, ang hinihiling na kalakip sa papel na may 5,000 hanggang 7,000 salita (20-40 pahina). Ang titulo ng lathalain ay dapat na mayroon ding salin sa wikang Ingles.

Ang papel ay kailangang kompyuterisado sa maikling bond paper na may isang pulgadang palugit sa lahat ng gilid, doble-espasyo, gamit ang font na Times New Roman at may laking 12-puntos, at maayos na naidokumento gamit ang MLA Seventh Edition.

Kailangang minimal ang mga dulong tala. Kung sakaling may larawan o ilustrasyong bahagi ng submisyon, ang file ay kailangang nasa format na jpeg. Hinihiling ang malinaw na kopya. Kailangan ding may kapsiyon at karampatang pagkilala sa pinaghiraman o may-ari/maylikha ng larawan/ilustrasyon.

Ang pangalan ng awtor, tirahan, e-mail, at iba pang mahahalagang kontak ay kailangang nakasulat sa hiwalay na papel. Anumang pagkakakilanlan sa identidad ng awtor ay kailangang wala sa manuskrito. Sumulat din ng isa hanggang dalawang talatang bio-note para sa pagkakakilanlan ng may-akda.

Tinatanggap ang mga submisyon sa pamamagitan ng e-mail sa **malayjournal@gmail.com**.

Ipadala ang manuskrito at lahat ng kailangan kay Dr. Florentino Timbreza, Punong Editor; Dr. Rowell Madula, Ko-Editor; o kay Dr. Dolores Taylan, Tagapamahalang Editor, sa De La Salle University Publishing House, Yuchengco Hall, Room 601, Pamantasang De La Salle, 2401 Taft Avenue, Manila. Para sa iba pang impormasyon, maaaring tumawag sa (632) 524-4611 loc 271 at hanapin si Ms. Joanne T. Castañares.